TOMO 1
ISYU 3
HULYO-SETYEMBRE
2026

P-ISSN: 3116-4463
E-ISSN: 3116-4471

# PDPF

# Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino

*Isang Pandaigdigang Larangan para sa Filipino, Kultura, at Pagkakakilanlan*

**WIKA**
Tagapag-ugnay ng diwa at pag-iisip

**KULTURA**
Yaman ng ating lahi at pagkakakilanlan

**PAGKAKAKILANLAN**
Pagmamalaki sa ating pagka-Pilipino

**PAGMAMAHAL SA BAYAN**
Tungkulin sa kasalukuyan, pag-asa sa bukas

**KATATAGAN**
Lakás ng loob, tapang sa hamon ng panahon

FILIPINO
PANANALIKSIK
KASAYSAYAN
LITERATURA
WIKANG PILIPINO

INILATHALA NG
ETCOR
EDUCATIONAL RESEARCH CENTER

PANDAIGDIGANG PERSPEKTIBA | DE-KALIDAD NA PANANALIKSIK | RESPONSABLENG PAGLATHALA | PAGHUSAY SA EDUKASYON

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

# Mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur: Tungo sa preserbasyon ng pamanang agrikultural at intelektwalisasyon ng Wikang Filipino

Leopoldo R. Transona, Jr., EdD
Central Bicol State University of Agriculture, San Jose, Pili, Camarines Sur
Corresponding Author email: *leopoldojr.transona@cbsua.edu.ph*

**Received**: 19 June 2026 **Revised**: 21 July 2026; 23 July 2026; 26 July 2026; 28 July 2026

**Accepted**: 29 July 2026 **Available Online**: 30 July 2026

**Volume 1 (2026), Issue 3, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471**

https://doi.org/10.63498/pdpf9

**Abstrak**
**Layunin:** Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy, masuri, at maidokumento ang mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka ng mga magsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur bilang mahalagang pamanang agrikultural at batayan sa pagbuo ng mga lokalisadong kagamitang pampagtuturo para sa preserbasyon ng kultura at intelektwalisasyon ng wikang Filipino.
**Metodolohiya**: Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibo-deskriptibo-developmental na disenyo sa ilalim ng *Research and Development* (R&D). Ginamit ang modelong ADDIE (*Analysis, Design, Development, Implementation, Evaluation*) bilang sistematikong balangkas sa pagpoproseso ng datos at pagbuo ng mga kagamitan. Nakalap ang datos sa pamamagitan ng *semi-structured* na panayam sa 12 magsasaka (*purposive sampling*), aktuwal na obserbasyon, at pagsusuring pangdokumento. Sinuri ang mga datos gamit ang tematikong pagsusuri (*Thematic Analysis*) at triangulasyon upang matukoy ang nilalaman, simbolismo, at kapakinabangan ng mga kinagawiang pamanang agrikultural.
**Resulta**: Natukoy na ang mga kinagawiang kasanayan sa pagsasaka ng Bicol-Pili gaya ng *Pangadorog/Pag-anok*, *Buwelto*, at *Pag-atang* ay sumasalamin sa malalim na ugnayan ng tao, kalikasan, at pananampalataya, habang nagsisilbi ring tagapangalaga ng kaalamang-bayan at ekolohikal na karunungan ng pamayanan. Sa pamamagitan ng modelong ADDIE, matagumpay na naisalin ang mga etnolingguwistikong datos sa limang (5) lokalisadong kagamitang pampagtuturo (brochure, kulturang komiks, video-dokumentaryo, modyul sa pagkatuto, at komprehensibong glosaryo) na nakakuha ng napakataas na antas ng pagtanggap at pagpapatibay (*validity*) mula sa mga dalubhasa sa wika at kurikulum.
**Konklusyon**: Ipinakita ng pag-aaral na ang pamanang agrikultural ay mahalagang bahagi ng kultural na identidad at may malaking ambag sa pagpapayaman ng korpus ng wikang Filipino sa larangan ng agrikultura. Napatunayan din na ang modelong ADDIE ay naging mabisang estruktura sa pagbuo ng mga kontekstwalisadong kagamitan. Inirekomenda ang integrasyon ng mga binuong kagamitang pampagtuturo sa kurikulum upang isulong ang preserbasyon ng kultura, intelektwalisasyon ng wikang Filipino, at makabuluhang edukasyong nakaugat sa lokal na pamayanan.
***Mga Susing Salita:*** *pamanang agrikultural, ADDIE model, kagamitang pampagtuturo, Bicol-Pili, intelektwalisasyon ng Filipino*

## INTRODUKSYON

Sa gitna ng mabilis na modernisasyon, industriyalisasyon, at pagbabago ng klima, kinakaharap ng mundo ang mabilis na paglaho ng mga katutubong kaalamang agrikultural (*indigenous agricultural knowledge*). Ang banta ng paglimot sa mga katutubong karunungan ay nag-udyok sa mga pandaigdigang samahan tulad ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) na isulong ang mga programa para sa pangangalaga ng *Intangible Cultural Heritage* (ICH). Binibigyang-diin ng mga internasyonal na inisyatibang ito na ang mga ritwal, tradisyon, at kaalamang nakatali sa pagsasaka at kalikasan ay hindi lamang mga lumang gawi, kundi mahahalagang pundasyon ng napapanatiling pag-unlad (*sustainable development*) at ekolohikal na katatagan. Dahil dito, patuloy ang pag-usbong ng mga pandaigdigang pananaliksik sa larangan ng *language documentation*, *cultural preservation*, at *Indigenous Knowledge Systems and Practices* (IKSP) upang maipreserba ang mayamang karunungan ng mga pamayanan bago ito tuluyang mabura ng modernong panahon.

Sa kontekstong ito, ang mga lokal na pag-aaral na nakatuon sa mga partikular na komunidad ay nagiging mahalagang ambag sa pandaigdigang diskurso ng kultura at edukasyon. Ang pagdodokumento sa mga lokal na terminolohiya, ritwal, at paniniwala sa agrikultura ay hindi lamang nagpoprotekta sa pambansang pamana, kundi nagbigay din ng mga empirikal na datos at modelo kung paano bumubuo ng sariling mekanismo



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

ng pakikiangkop sa kalikasan ang mga marginalized na sektor. Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng lokal na karanasan sa pandaigdigang balangkas ng preserbasyong pangkultura at intelektwalisasyon ng wika, nagiging tulay ang mga ganitong pananaliksik upang maunawaan ng mga internasyonal na iskolar kung paano nagsasalikop ang wika, katutubong agham, at pangkulturang pagpapatuloy sa Timog-Silangang Asya.

Bahagi ng pandaigdigang usaping ito ang Pilipinas—isang bansang agrikultural kung saan ang pagsasaka ay hindi lamang isang kabuhayan kundi isang paraan ng pamumuhay at salamin ng katutubong pilosopiya. Sa kabila nito, dulot ng pagpasok ng mga makabagong teknolohiya at pamamaraan sa agrikultura, unti-unting nanganganib na makalimutan ng mas batang henerasyon ang mga tradisyonal na kasanayan, ritwal, at paniniwalang nakatali sa sakahan. Ang mga kaalamang ito, na dating isinasalin sa pamamagitan ng pasalitang tradisyon (*oral tradition*), ay nangangailangan ng masinop na pagdodokumento at integrasyon sa pormal na sistema ng edukasyon upang maiwasan ang tuluyang pagkawala ng wikang pangkultura at katutubong agham ng bansa. Ang inisyatibang ito ay tumutugon din sa mga pambansang legal na balangkas tulad ng Republic Act No. 8371 o ang *Indigenous Peoples Rights Act* (IPRA), na nagtataguyod sa pagkilala at proteksiyon sa mga karapatang pangkultura at katutubong karunungan ng mga pamayanan.

Isang kongkretong halimbawa ng mayamang pamanang ito ang matatagpuan sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur. Ang pamayanang ito ay nagtataglay ng mga natatanging gawi sa pagsasaka ng pili na nakaugat sa kultura ng Kabikolan. Gayunpaman, tulad ng maraming rural na komunidad sa bansa, hinarap ng San Jose ang hamon ng modernisasyon at ang banta ng pagkalimot ng mga kabataan sa kanilang pangkulturang identidad. Upang matugunan ang suliraning ito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy, masuri, at maidokumento ang mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka ng mga magsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur.

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibo-deskriptibo-developmental na disenyo sa ilalim ng balangkas ng Research and Development (R&D). Sa developmental na bahagi, naging sandigan ng pananaliksik ang Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation (ADDIE) Model upang gabayan ang sistematikong proseso ng pagbuo ng mga lokalisadong kagamitang pampagtuturo gaya ng brochure, komiks, video-dokumentaryo, modyul, at glosaryo. Sa tulong ng Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA), naging mas matatag ang layunin ng pananaliksik na makabuo ng mga kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo tungo sa preserbasyon ng kultura, pagpapatibay ng pambansang identidad, at patuloy na intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

Nagbigay ang pananaliksik na ito ng mahalagang ambag sa larangan ng Filipinolohiya at Agham Panlipunan. Sa pamamagitan ng pagdodokumento sa mga terminolohiya at tradisyon sa agrikultura ng Barangay San Jose, Pili, nag-ambag ang pag-aaral sa pagpapayaman ng korpus ng wikang Filipino at sa preserbasyon ng katutubong kaalaman. Nagsilbi rin itong kongkretong hakbang tungo sa intelektwalisasyon ng Filipino bilang wika ng pananaliksik at lokalisasyon ng edukasyon sa pamamanan ng pagbuo ng mga kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo. Bukod sa akademikong ambag nito, nagkaroon din ang pananaliksik ng mahalagang pakinabang sa iba't ibang sektor at indibidwal. Nagsilbi itong batayan para sa mga guro at edukador sa pagbuo ng mga babasahing nakaugat sa lokal na konteksto upang higit na maging makabuluhan ang pagtuturo ng wikang Filipino, panitikan, at Araling Panlipunan. Nagbigay rin ito ng empirikal na datos sa mga curriculum developer para sa pagbuo ng mga kurikulum na nagpapahalaga sa katutubong kaalaman at tumutugon sa pangangailangan ng K-12 at mataas na antas ng edukasyon. Nakatulong din ito sa mga language planner sa pagpapayaman ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga terminolohiyang agrikultural mula sa Bikol na maaaring maging batayan sa pagbuo ng mga patakarang pangwika na nagtataguyod sa pambansang wika at mga rehiyonal na wika ng bansa. Sa larangan naman ng akademya at pandaigdigang usapin, naging mahalagang reperensiya ang pag-aaral para sa mga cultural preservation scholars at antropologo bilang archival record ng mga tradisyong nanganganib malimutan. Nagbigay rin ito sa mga internasyonal na mananaliksik (*international researchers*) ng isang mahalagang case study mula sa Timog-Silangang Asya na maaaring magamit sa mga pag-aaral hinggil sa *Indigenous Knowledge Systems and Practices* (IKSP), *language documentation*, at ekolohikal na katatagan ng mga rural na komunidad. Para sa mga institusyong pang-edukasyon tulad ng CBSUA, nagsilbi itong modelo sa pagtataguyod ng pananaliksik na may direktang pakinabang sa komunidad (*extension research*). Higit sa lahat, nagbigay ito ng pagkilala at pagpapahalaga sa mga lokal na magsasaka bilang mga tunay na tagapag-ingat ng kultura at kaalamang-bayan, habang tiniyak na ang kanilang mga tradisyon at tinig ay maipapasa sa mga susunod na henerasyon.

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Kinikilala sa pandaigdigang antas ang pamanang agrikultural bilang mahalagang bahagi ng napapanatiling pag-unlad, seguridad sa pagkain, at pagpapanatili ng pagkakakilanlang pangkultura ng mga pamayanan. Ayon sa Food and Agriculture Organization (FAO, 2021), ang mga katutubong sistemang pang-agrikultura ay nagtataglay ng mayamang kaalamang nabuo sa mahabang panahon ng pakikipag-ugnayan ng tao sa kapaligiran. Ang mga sistemang ito ay hindi lamang naglalaman ng mga tradisyunal na pamamaraan sa produksyon ng pagkain kundi pati ng mga pagpapahalaga, ritwal, at paniniwalang nagsisilbing gabay sa


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

responsableng paggamit ng likas na yaman. Kaugnay nito, binigyang-diin ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, 2023) na ang mga tradisyon, ritwal, at kaalamang kaugnay ng agrikultura ay kabilang sa mga anyo ng Intangible Cultural Heritage na nararapat mapangalagaan at maipasa sa mga susunod na salinlahi. Pinalalakas ng mga pandaigdigang pananaliksik ang pananaw na ito. Ipinakita nina Fernández-Llamazares et al. (2021) na ang dokumentasyon ng Indigenous Knowledge Systems (IKS) ay mahalaga sa pagpapanatili ng biodiversity, pag-angkop sa pagbabago ng klima, at pagpapalakas ng katatagan ng mga lokal na komunidad. Ipinakikita rin ng kanilang pag-aaral na ang mga tradisyunal na kaalaman ay nagsisilbing mahalagang sanggunian sa pagbuo ng mga napapanatiling estratehiya sa agrikultura at pangangalaga sa kalikasan. Bukod dito, binigyang-diin ng FAO (2021) na ang mga lokal na pamayanan ay nagtataglay ng mahahalagang kaalamang maaaring maging batayan sa pagpapaunlad ng mas matatag at mas napapanatiling sistemang pang-agrikultura.

Tungkol sa pambansang konteksto, kinikilala ng Republic Act No. 8371 o Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 ang karapatan ng mga katutubong pamayanan sa pangangalaga at pagpapaunlad ng kanilang mga tradisyon, kaalaman, at kaugaliang pangkultura (Official Gazette, 1997). Kaugnay nito, binigyang-diin ng Department of Education (2024) sa pagpapatupad ng MATATAG Curriculum ang kahalagahan ng kontekstwalisasyon at lokalisasyon ng pagtuturo upang maging higit na makabuluhan ang pagkatuto at mapahalagahan ang lokal na kultura at karunungan. Ipinakita ng mga patakarang ito na ang dokumentasyon ng mga lokal na tradisyon at katutubong kaalaman ay may mahalagang papel hindi lamang sa pangangalaga ng kultura kundi maging sa pagpapalakas ng edukasyong nakaugat sa pamayanan.

Maituturing na mahalagang bahagi ng pamumuhay at pagkakakilanlan ng maraming komunidad sa Rehiyon ng Bicol ang agrikultura at ang mga katutubong kaugalian sa pagtatanim. Sa pag-aaral ni Narvaez (2020) hinggil sa Indigenous Knowledge System sa pagsasaka sa Bicol, nabatid na ang mga katutubong kaalaman at paniniwala ay malalim na nakaugat sa pang-araw-araw na pamamahala ng lupa at pananim na patuloy na naipapasa sa pamamanan ng pasalitang tradisyon at karanasan. Pinatunayan din ni Guiriba (2019) na ang dokumentasyon ng mga katutubong pamamaraan sa produksyon at pamamahala ng pananim sa Bicol ay nagpapakita ng mahalagang ambag ng mga lokal na kaalaman sa pagpapanatili ng seguridad sa pagkain at sa pangangalaga ng kapaligiran. Pinagtibay rin ng PhilRice (2011) ang kahalagahan ng pagtatala sa kultura at tradisyon ng mga lokal na magsasaka sa Bicol upang mapanatili ang kanilang pamanang agrikultural laban sa mabilis na modernisasyon.

Kung itutuon ang pansin sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino, binigyang-diin ni Sibayan (1999) na ang isang wika ay nagiging intelektwalisado kapag ito ay nagagamit bilang midyum sa paglikha, pagtalakay, at pagpapalaganap ng kaalaman sa iba't ibang disiplina. Kaugnay nito, ang dokumentasyon ng mga terminolohiyang agrikultural at etnolingguwistikong bokabularyo mula sa mga lokal na pamayanan ay nag-aambag sa pagpapayaman ng korpus ng wikang Filipino at sa pagpapalawak ng gamit nito bilang wika ng pananaliksik, edukasyon, at agham.

Lumalabas na bagama't maraming pag-aaral ang tumatalakay sa kahalagahan ng Indigenous Knowledge Systems, preserbasyon ng kultura, at napapanatiling agrikultura, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pangkalahatang dokumentasyon ng mga katutubong kaalaman at sa antropolohikal na paglalarawan ng mga pamayanan. Nananatiling limitado ang mga pag-aaral na sistematikong nag-uugnay sa dokumentasyon ng mga lokal na tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka tungo sa pagbuo ng mga lokalisado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo sa wikang Filipino. Higit na kakaunti ang mga pananaliksik na nakatuon sa pamanang agrikultural ng mga magsasaka ng pili sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur. Dahil dito, tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral ang umiiral na puwang sa literatura sa pamamagitan ng sistematikong pagdodokumento at pagsusuri sa mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka ng mga magsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur. Higit pa rito, inilalapat ng pag-aaral ang mga natuklasang ito sa pagbuo ng mga lokalisado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo kabilang ang brochure, kulturang komiks, video-dokumentaryo, modyul, at glosaryo bilang ambag sa preserbasyon ng pamanang agrikultural at sa patuloy na intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

**Teoretikal na Balangkas**

Nakaangkla ang pananaliksik na ito sa dalawang pangunahing teorya: ang Teorya ng Karunungang-Bayan (*Indigenous Knowledge Systems Framework*) at ang Sosyolingguwistikong Teorya ng Intelektwalisasyon ng Wika ni Bonifacio Sibayan. Sa Teorya ng Karunungang-Bayan, binibigyang-diin na ang mga pamayanan ay nagtataglay ng sariling sistema ng kaalaman, paniniwala, at kasanayan na nabuo mula sa kanilang matagal na pakikipag-ugnayan sa kanilang likas na kapaligiran. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ginamit ang teorya upang suriin at unawain ang mga kinagawiang tradisyon gaya ng *Pangadorog* o *Pag-anok* at *Buwelto*, mga ritwal tulad ng *Pag-atang*, at iba't ibang paniniwala sa pagsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur. Ipinaunawa ng teoryang ito na ang mga gawi ng mga magsasaka ay hindi payak na pamahiin lamang, kundi isang masalimuot at organisadong estratehiya ng pangangalaga sa kalikasan, kaayusang panlipunan, at pagpapahayag ng kanilang espiritwalidad.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Sa kabilang banda, ayon sa Sosyolingguwistikong Teorya ng Intelektwalisasyon ng Wika, ang isang wika ay nagiging ganap na intelektwalisado kapag ito ay ginagamit na midyum sa pagpoproseso, pag-aakda, at pagtalakay ng mga kaalaman sa iba't ibang larangan ng akademya at dalubhasang kasanayan. Ginamit ang teoryang ito sa pagdidisenyo at pagbuo ng mga kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo tulad ng modyul, glosaryo, komiks, at video-dokumentaryo. Sa pamamagitan ng pagtatala at pagpapakahulugan sa wikang Filipino ng mga etnolingguwistiko at kultural na terminong Bicol-Pili sa pagsasaka, naililipat ang katutubong karunungan tungo sa pormal na diskursong akademiko. Naglilingkod ito bilang tulay upang ang wikang Filipino ay patuloy na yumayabong at magamit sa preserbasyon ng pamanang kultural ng bansa. Sa pagsasanib ng dalawang teoryang ito, nagkaroon ang pananaliksik ng matibay na pundasyon sa pag-unawa sa kultural na kahulugan ng pamanang agrikultural mula sa pananaw ng Karunungang-Bayan at sa pagsasalin nito tungo sa mga praktikal na kagamitang pampagtuturo sa pormal na edukasyon ayon naman sa prinsipyo ng Intelektwalisasyon ng Wika**.**

**Balangkas Konseptwal**

Nakatutok ang balangkas konseptwal ng pag-aaral sa modelong Input-Process-Output (IPO). Nagpapakita ito ng lohikal na daloy at ugnayan ng mga baryabol upang matugunan ang pangunahing layunin ng pananaliksik: ang demistipikasyon at preserbasyon ng mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur, tungo sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino Input. Ang unang baryabol ay nakatuon sa paglikom at pagtukoy sa mga kinagawiang kasanayan sa pagsasaka ng mga lokal na magsasaka. Binubuo ito ng tatlong pangunahing elemento: ang mga (a) tradisyon o kinagawiang pamamaraan na naipasa sa henerasyon, (b) ritwal gaya ng Pangadorog/Pag-anok o panalangin ng pasasalamat at paghiling ng proteksyon bago mag-ani, at (c) paniniwala tulad ng Buwelto o ang pagpapahinga sa lupa upang maibalik ang likas nitong sustansya. Proseso. Ang ikalawang baryabol ay sumasaklaw sa malalim na pag-unawa sa kontekstwal na kahulugan ng pamanang agrikultural. Sinusuri dito ang (a) nilalaman ng mga katutubong karunungan at kasanayan *Indigenous Knowledge Systems and Practices* (IKSP), (b) simbolismo na nagpapakita ng espiritwalidad at ugnayan ng magsasaka sa kalikasan, at (c) kapakinabangan nito sa ekolohikal na pamamahala at seguridad sa pagkain. Upang maidokumento at masuri ang mga datos na ito, isinagawa ang pagsusuring pangdokumento, pakikipanayam sa labindalawang (12) nakatatanda at aktibong magsasaka ng pili, at ang triangulasyon gamit ang pagsusuring tematiko (*Thematic Analysis*) at balangkas ng ADDIE model.
Output. Ang huling baryabol ay ang pagbuo ng mga makabuluhang kagamitan sa pagkatuto at pampagtuturo. Kabilang sa mga nabuong materyales ang brochure, kulturang komiks, video-dokumentaryo, modyul sa pagkatuto, at isang komprehensibong glosaryo ng mga katutubong terminong agrikultural sa Filipino. Ang mga kagamitang ito ay nagsisilbing mabisang mekanismo para sa preserbasyon ng pamanang agrikultural at aktibong nagtataguyod sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa disiplina ng agrikultura.



**Pigura 1.** *Balangkas Konseptuwal*

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa kabila ng mabilis na agos ng modernisasyon at pagbabago sa teknolohiyang agrikultural, nananatiling limitado ang mga nakasulat na dokumentasyon at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo na nagtatampok sa mga katutubong karunungan sa lalawigan ng Camarines Sur, na nagdudulot ng puwang sa preserbasyon ng kultura at sa paggamit ng wikang Filipino sa larangan ng agrikultura. Nilalayon ng pananaliksik


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

na ito na idokumento, suriin, at dalumatin ang mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur, upang maunawaan ang kontekstwal na kahulugan ng mga gawi sa bukid batay sa nilalaman, simbolismo, at kapakinabangan nito.

Upang maisakatuparan ang mga layuning ito, titiyakin ng pag-aaral na masagot ang mga tiyak na katanungan hinggil sa:

1. Mga kinagawiang kasanayan sa pagsasaka batay sa tradisyon, ritwal, at paniniwala;
2. Ang kontekstwal na kahulugan ng pamanang agrikultural batay sa nilalaman, simbolismo, at kapakinabangan; at
3. Ang mga makabuluhang kagamitan sa pagkatuto at pampagtuturo tulad ng brochure, kulturang komiks, video-dokumentaryo, modyul, at glosaryo na mabubuo batay sa mga natuklasan upang magsilbing mekanismo sa preserbasyon ng pamanang agrikultural at mag-ambag sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

**Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin:** Nilayon ng pananaliksik na ito na idokumento at suriin ang mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur upang maipaliwanag ang kanilang kontekstwal na kahulugan at simbolismo, at maipakita ang kanilang kahalagahan bilang batayan sa preserbasyon ng pamanang agrikultural at intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

**Tiyak na mga Layunin:**

1. Matukoy ang mga kinagawiang tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka ng mga magsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur.
2. Masuri ang kontekstwal na kahulugan ng mga kinagawiang pamanang agrikultural batay sa kanilang: (a) nilalaman; (b) simbolismo; at (c) kapakinabangan.
3. Mailapat ang mga nadokumentong tradisyon at etnolingguwistikong termino sa pagbuo ng mga lokalisado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo bilang ambag sa preserbasyon ng kultura at intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

**Mga Tanong sa Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga kinagawiang tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka ng mga magsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur?
2. Ano ang kontekstwal na kahulugan ng mga kinagawiang pamanang agrikultural batay sa: (a) nilalaman; (b) simbolismo; at (c) kapakinabangan?
3. Paano nakapag-aambag ang pagtatawid ng mga nadokumentong pamanang agrikultural sa mga lokalisado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo tungo sa preserbasyon ng kultura at intelektwalisasyon ng wikang Filipino?

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit sa pananaliksik na ito ang kwalitatibo-deskriptibo-developmental na disenyo sa ilalim ng balangkas ng Research and Development (R&D) upang sistematikong idokumento ang pamanang agrikultural at isalin ito sa mga kagamitang pampagtuturo. Ang deskriptibong bahagi ay nakatuon sa malalim na pag-unawa, paglalarawan, at pagpapatunay sa mga katutubong gawi, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka ng pili sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur.

Samantala, ang developmental na bahagi ng pag-aaral ay ginabayan ng modelong ADDIE na binubuo ng Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation upang magsilbing estrukturadong proseso sa pagbuo at pagbalido ng limang lokal na kagamitang pampagtuturo. Sa yugto ng Analysis (Pagsusuri), isinagawa ang pagtukoy sa pangkulturang konteksto, kaalamang agrikultural, at mga pangangailangang pedagohikal ng mga mag-aaral at guro sa pagtuturo ng wikang Filipino. Sumunod dito ang yugto ng Design (Pagdidisenyo), kung saan inihanay ang mga nadokumentong ritwal at terminolohiya sa mga layunin ng pagkatuto, at binalangkas ang estruktura ng limang kagamitang pampagtuturo: ang brochure, kulturang komiks, video-dokumentaryo, modyul sa pagkatuto, at komprehensibong glosaryo. Sa yugto ng Development (Pagbuo), aktwal na inihanda, isinulat, at nilikha ang mga nasabing kagamitan gamit ang mga nakalap na katutubong datos at konseptong agrikultural. Sa yugto ng Implementation (Pagpapatupad/Pagsusubok), isinailalim ang mga binuong kagamitan sa paunang pagsusuri at pagsubok sa piling kapaligirang pampagkatuto upang matukoy ang pagiging angkop nito sa silid-aralan. Sa huling yugto na Evaluation (Ebalwasyon), isinagawa ang pormal na pagtatasa at balidasyon sa tulong ng mga eksperto sa wika, kultura, at pedagohiya upang masuri ang kalidad, katumpakan, at


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

pagiging epektibo ng mga binuong kagamitang pampagtuturo bago ito tuluyang irekomenda para sa malawakang paggamit.

**Mga Kalahok**

Ang populasyon ng pananaliksik na ito ay binubuo ng mga lokal na magsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur na patuloy na nagsasagawa at nagpapanatili ng mga tradisyon, ritwal, at paniniwalang agrikultural. Ginamit sa pag-aaral ang *Purposive Sampling Technique* (Layuning Pagpili) upang sadyang piliin ang labindalawang (12) nakatatanda at matatagal nang magsasaka na nagsilbi bilang mga pangunahing batis ng impormasyon (*key informants*). Ang kwalitatibong teknik na ito ay nakatuon sa pagpili ng mga indibidwal batay sa kanilang tiyak na katangian, malalim na kaalaman, at direktang karanasan sa paksang sinusuri.

Pinili ang labindalawang kalahok batay sa mga tiyak na pamantayan: tunay at aktibong magsasaka sa Barangay San Jose, may edad na mula 50 hanggang 75 taong gulang, nagtataglay ng hindi bababa sa sampung (10) taong karanasan sa tradisyonal na pagsasaka, at may malalim na kaalaman at aktwal na karanasan sa pagsasagawa ng mga katutubong gawi gaya ng Pangadorog o Pag-anok, Buwelto, at ritwal na Pag-atang.

Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, nakakalap ang pananaliksik ng mayaman, malalim, at awtentikong datos mula sa mga personal na salaysay at obserbasyon ng mga kalahok. Ang kanilang mga ibinahaging kaalaman ang nagsilbing matibay na batayan sa pag-unawa sa pamanang agrikultural ng bayan ng Pili at sa pagbuo ng mga lokalisado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo.

**Instrumento**

Upang makakalap ng komprehensibo, awtentiko, at mayayamang datos, gumamit ang pananaliksik na ito ng limang pangunahing instrumento: ang Patnubay sa Pakikipanayam (*Interview Guide*), Patnubay sa Obserbasyon (*Observation Guide*), Pagsusuri ng Dokumento (*Documentary Analysis*), Audio at Video Recorder, at Camera.

Ang Patnubay sa Pakikipanayam at Patnubay sa Obserbasyon ay sariling binuo ng mananaliksik batay sa mga tiyak na layunin ng pag-aaral at sa konseptwal na balangkas ng pamanang agrikultural. Upang matiyak ang kredibilidad, kaangkupan, at *content validity* ng mga binuong instrumento, isinailalim ang mga ito sa *Expert Validation* sa tulong ng tatlong (3) dalubhasa sa larangan ng Wikang Filipino, Kultura at Antropolohiya, at Metodolohiya ng Pananaliksik. Isinagawa rin ang paunang pagsusubok (*pre-testing*) ng patnubay sa pakikipanayam sa dalawang (2) magsasaka mula sa katabing lugar upang tiyaking malinaw at madaling maunawaan ang mga terminolohiya at katanungan bago ang aktuwal na pakikipanayam.

Ginamit ang nakabalangkas na Patnubay sa Obserbasyon upang sistematikong maidokumento ang aktuwal na pagsasagawa ng mga ritwal tulad ng Pag-atang, pati na rin ang mga tradisyon gaya ng Pangadorog o Pag-anok at Buwelto. Ang Documentary Analysis naman ay ginamit sa pagsuporta at pagpapatibay sa mga nakalap na salaysay gamit ang mga umiiral na babasahin, tala ng barangay, at pangkulturang dokumento. Samantala, ang Audio at Video Recorder at Camera ay nagsilbing mga pantulong na kasangkapan upang tumpak na maitala ang boses, kilos, at aktuwal na proseso ng mga gawi at ritwal para sa masusing transkripsyon, interpretasyon, at triangulasyon ng datos.

**Pangangalap ng Datos**

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur mula noong Marso hanggang Abril 2024. Napili ang Barangay San Jose bilang lokasyon ng pag-aaral sapagkat isa ito sa mga pangunahing komunidad sa bayan ng Pili na may malawak na sakahan ng pili at patuloy na nagpapanatili ng mga katutubo at kinagawiang kasanayang agrikultural. Bukod dito, matatagpuan sa lugar na ito ang mga matatagal at nakatatandang magsasaka na may mayamang kaalaman at direktang karanasan sa mga ritwal tulad ng Pag-atang, gayundin sa mga tradisyong Pangadorog/Pag-anok at Buwelto.

Nagsimula ang proseso ng pangangalap ng datos sa paghingi ng opisyal na pahintulot sa pamamagitan ng pormal na liham sa Punong Barangay ng San Jose at sa pamunuan ng lokal na samahan ng mga magsasaka. Matapos aprubahan ang pahintulot, isinagawa ang pagpili sa labindalawang (12) kalahok gamit ang Purposive Sampling. Kasunod nito, isinagawa ang pormal at di-pormal na pakikipanayam gamit ang binalidasyong Interview Guide, kasabay ng aktuwal na obserbasyon sa bukirin upang maitala ang mga gawi at ritwal. Kinuhaan ng larawan at inirakord ang boses at kilos ng mga kalahok gamit ang Audio/Video Recorder at Camera sa pamamagitan ng kanilang *Informed Consent*. Matapos ang fieldwork, isinagawa ang verbatim na transkripsyon ng mga nakalap na audio at obserbasyon. Upang matiyak ang katumpakan at kredibilidad ng datos, isinagawa ang triangulation sa pamamanan ng paghahambing ng mga pahayag sa panayam, nakatala sa obserbasyon, at mga sekundaryong pangkulturang


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Pagsusuri ng Datos**

Upang mabigyang-kahulugan at masuri nang buo ang mga kwalitatibong datos na nakalap mula sa pakikipanayam, obserbasyon, at dokumentasyon sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur, ginamit ang mga sumusunod na pamamaraan ng pagsusuri:

1. Tematikong Pagsusuri (*Thematic Analysis*): Ginamit ang anim na yugtong balangkas nina Braun at Clarke (2006) upang sistematikong tukuyin, uriin, at kategoryahin ang mga pangunahing tema at paksang lumabas mula sa verbatim na transkripsyon ng mga panayam. Sa pamamagitan nito, naisayos nang organisado ang mga kinagawiang kasanayan ng mga magsasaka batay sa tradisyon (tulad ng Pangadorog/Pag-anok at Buwelto), ritwal (gaya ng Pag-atang), at iba't ibang paniniwala sa pagsasaka.
2. Suri-Nilalaman (*Content Analysis*): Ginamit ang suri-nilalaman batay sa mga prinsipyo ni Krippendorff (2004) upang maipaliwanag at mabigyang-linaw ang kontekstwal na kahulugan ng pamanang agrikultural. Sa pamamagitan nito, hinimay at sinuri ang mga datos batay sa tatlong pangunahing aspekto: ang nilalaman ng mga gawi at terminolohiya, ang simbolismong nakapaloob sa mga ritwal at paniniwala, at ang kapakinabangan nito sa pang-araw-araw na buhay, kultura, at kapaligiran ng mga magsasaka.
3. Triangulasyon ng Datos (*Data Triangulation*): Isinagawa ang triangulasyon batay sa teoretikal na pamamaraan ni Patton (1999) sa pamamagitan ng paghahambing at pag-uugnay-ugnay ng mga datos na nakalap mula sa iba't ibang pinagmulan—ang naratibo mula sa pakikipanayam sa 12 kalahok, ang tala mula sa direktang obserbasyon sa bukirin, at ang mga kaugnay na dokumento o literatura. Tiniyak ng prosesong ito ang pagiging awtentiko, katumpakan, at kredibilidad ng mga nakalap na impormasyon.
4. Kontekstwal at Intelektwalisadong Pagsusuri: Ginamit ang pamamaraang ito upang isalin, dalumatin, at i-proseso ang mga nakalap na etnolingguwistiko at kultural na terminong Bicol-Pili tungo sa wikang Filipino. Ang naging resulta ng pagsusuring ito ang nagsilbing batayan sa pagdidisenyo at pagbuo ng limang angkop, lokalisado, at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo gaya ng brochure, kulturang komiks, video-dokumentaryo, modyul sa pagkatuto, at komprehensibong glosaryo.

**Etikal na Pagsasaalang-alang**

Upang matiyak ang proteksyon, karapatan, at kapakanan ng mga kalahok at ng buong komunidad, mahigpit na isinaalang-alang ng pananaliksik ang mga etikal na pamantayan. Ang pag-aaral na ito ay pormal na inaprubahan at pinalahok sa ilalim ng probisyon ng Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) Research and Development Office. Isinagawa rin ang pormal na pakikipag-ugnayan at paghingi ng pahintulot sa Municipal Local Government Unit (LGU) ng Pili at sa Pamunuan ng Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur bago ang aktuwal na pangangalap ng datos.

Bago simulan ang panayam at obserbasyon, malinaw na ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral sa wikang Bicol-Pili at Filipino, at nilagdaan nila ang Informed Consent Form bilang patunay ng boluntaryong pakikilahok. Malayang naipabatid sa mga kalahok na mayroon silang karapatang hindi sumagot sa anumang tanong o tuluyang umatras sa pag-aaral sa anumang pagkakataon nang walang kapalit, parusa, o negatibong epekto.

Upang maprotektahan ang pagkakakilanlan at kompidensyalidad ng mga kalahok, ginamitan ng mga gawa-gawang pangalan (*pseudonyms*) o kodigo ang kanilang mga salaysay sa buong manuskrito. Alinsunod sa mga pamantayan ng *research ethics* at sa probisyon ng Data Privacy Act of 2012, ang lahat ng digital data gaya ng audio recordings, transkripsyon, at larawan ay ligtas na inimbak sa isang *password-protected digital drive* na tanging ang pangunahing mananaliksik lamang ang nakakapasok, habang ang mga printed transcript at field notes ay nakatago sa nakalock na cabinet. Pananatilihin ang mga datos na ito sa loob ng limang (5) taon matapos ang paglalathala ng pag-aaral para sa layunin ng beripikasyon, at pagkatapos ay permanenteng buburahin ang mga digital file at wawasakin (*shredding*) ang mga pisikal na papel. Isinagawa ang buong pananaliksik nang may mataas na paggalang sa mga pamanang gawi, ritwal, at paniniwala ng komunidad nang hindi naaabala ang kanilang pang-araw-araw na gawaing-bukid at pananampalataya.

**MGA RESULTA AT TALAKAYAN**

Inihahanay ang seksyong ito ayon sa mga pangunahing tanong sa pananaliksik upang tiyakin ang sistematikong organisasyon, akademikong pag-iingat (*academic caution*), at mahigpit na pagbatay sa ebidensya mula sa mga natukoy na tema at sipi ng 12 kalahok.

**Mga Kinagawiang Tradisyon, Ritwal, at Paniniwala sa Pagsasaka ng Pili**

Ayon sa pagsusuri ng mga kwalitatibong datos gamit ang Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2006), nakatukoy ng iba't ibang kasanayan kaugnay ng pamanang agrikultural ng mga magsasaka sa Barangay


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

San Jose, Pili, Camarines Sur. Ang mga ito ay hinati sa tatlong pangunahing kategorya: Tradisyon, Ritwal, at Paniniwala.

**Talahanayan 1**
*Mga Natukoy na Tradisyon*

| Natukoy na Tradisyon | Paglalarawan Batay sa Datos | Sipi ng Kalahok / Katibayan |
|---|---|---|
| **Pangadorog / Pag-anok** | Meticulous at piling-piling proseso ng pagkuha at paghahanda ng pinakamagandang binhi ng pili bago itanim. | *"Ang Pangadorog o Pag-anok, ginagawa namin para makasigurado na maganda ang lalabas na puno ng pili... hindi basta-basta pumipili ng itatanim; pinipili ang pinakamatipuno at magandang ani mula sa purong puno..."* (Kalahok 3, 62 taong gulang) |
| **Buwelto** | Pamamahagi o pagbabalik ng bahagi ng unang ani o naprosesong produkto sa mga kapitbahay at kapwa magsasaka bilang pasasalamat. | *"Kapag nakapag-ani kami o nakapagproseso ng pili, nagbibigay kami ng Buwelto sa mga kapitbahay at kapwa magsasaka. Tanda ito ng pakikipagkapwa at pasasalamat sa magandang ani."* (Kalahok 7, 58 taong gulang) |

***Tala.*** Ang mga sipi ay orihinal na binigkas sa wikang Bicol-Pili at isinalin sa Filipino ng mananaliksik. Ang pagkakakilanlan ng mga kalahok ay ginamitan ng kodigo alinsunod sa etikal na pamantayan ng pananaliksik at Data Privacy Act.

Batay sa mga salaysay ng mga kalahok na nakatala sa Talahanayan 1, ang mga tradisyong Pangadorog/Pag-anok at Buwelto ay nagpapakita ng mahalagang papel ng katutubong kaalaman sa pagpapanatili ng produktibong pagsasaka at matatag na ugnayang panlipunan sa komunidad. Ipinakikita ng Pangadorog/Pag-anok ang masinop na pagpili ng binhi batay sa naipong karanasan ng mga magsasaka upang matiyak ang maayos na paglaki at kalidad ng mga punong pili. Samantala, ang Buwelto ay sumasalamin sa pagpapahalaga ng mga magsasaka sa pakikipagkapwa, pagbabahaginan, at pasasalamat sa pamamagitan ng pamamahagi ng bahagi ng unang ani sa mga kapitbahay at kapwa magsasaka. Ipinahihiwatig ng mga gawaing ito na ang mga tradisyunal na kasanayan sa pagsasaka ay hindi lamang nakatuon sa produksiyon kundi nagsisilbi ring mekanismo sa pagpapatibay ng pagkakaisa at kooperasyon sa loob ng pamayanan. Ang mga natuklasang ito ay tumutugma sa pag-aaral ni Guiriba (2019) ukol sa dokumentasyon ng katutubong kaalaman sa Rehiyon ng Bicol, pati na rin sa panawagan ng Food and Agriculture Organization (FAO, 2021) sa ilalim ng Globally Important Agricultural Heritage Systems (GIAHS) na nagpapatunay na ang mga tradisyunal na gawaing agrikultural ay nagpapatibay sa panlipunang pagkakaisa, pangkulturang identidad, at preserbasyon ng pamanang agrikultural.

**Talahanayan 2**
*Mga Natukoy na Ritwal*

| Natukoy na Ritwal | Paglalarawan Batay sa Datos | Sipi ng Kalahok / Katibayan |
|---|---|---|
| **Pag-atang** | Pagsasagawa ng alay na pagkain at panalangin sa bukirin bago ang pagtatanim o pag-aani upang humingi ng gabay at pahintulot. | *"Bago kami magsimula ng malaking anihan sa sakahan, nag-aatang muna kami. Naglalagay ng kaunting alay sa tabi ng puno bilang pag-galang at paghingi ng pahintulot at gabay para maging ligtas ang pagtatrabaho at maging masagana ang ani..."* (Kalahok 1, 71 taong gulang) |

***Tala.*** Ang mga pahayag ay nanggaling sa mga nakatalang verbatim transcript ng panayam sa fieldwork. Isinalin ang mga terminong Bicol-Pili sa Filipino nang may pagpapanatili sa pangkulturang konteksto.

Makikita sa Talahanayan 2 na ang Pag-atang ay isinasagawa bilang ritwal bago ang pagtatanim o pag-aani upang magbigay-pugay, humingi ng pahintulot, at manalangin para sa ligtas at masaganang gawain sa bukid. Ipinakikita ng mga pahayag ng mga kalahok na ang ritwal na ito ay hindi lamang isang nakaugaliang gawain kundi bahagi ng kanilang pananampalataya at paghahandang espiritwal bago simulan ang gawaing pang-agrikultura. Sa kanilang pananaw, ang Pag-atang ay nagsisilbing pagpapahayag ng paggalang sa kalikasan at pagkilala sa mga puwersang pinaniniwalaang may kaugnayan sa kanilang kabuhayan. Ang interpretasyong ito ay sumusuporta sa mga prinsipyo ng UNESCO (2023) ukol sa Convention for the Safeguarding of the Intangible Cultural Heritage, na nagpapahayag na ang mga ritwal at paniniwala sa pagsasaka ay mahalagang bahagi ng 'di-materyal na pamanang pangkultura ng mga komunidad na dapat pangalagaan at ipasa sa mga susunod na henerasyon.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Talahanayan 3**
*Mga Natukoy na Paniniwala*

| Natukoy na Paniniwala | Paglalarawan Batay sa Datos | Sipi ng Kalahok / Katibayan |
|---|---|---|
| **Pangangalaga at Paggalang sa Kalikasan** | Pangkatutubong pananaw na ang mga punong pili at lupang sakahan ay may proteksyon ng kalikasan na hindi dapat basta-basta ginagalaw nang walang paggalang. | *"May mga paniniwala kami tulad ng hindi pagputol o paggagalaw sa ilang bahagi ng punong pili kapag hindi pa panahon, dahil naniniwala kaming may epekto ito sa pagiging produktibo ng puno at kaligtasan ng nangingolekta."* (Kalahok 5, 67 taong gulang) |

***Tala.*** Ang mga sipi ay kumakatawan sa mga nakalap na pangkulturang paniniwala ng mga nakatatandang magsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur.

Batay sa ipinapakita ng Talahanayan 3, ang mga paniniwala ng mga magsasaka sa Barangay San Jose ay nakaugnay sa mga palatandaan ng kalikasan at paggalang sa kapaligiran. Ipinakikita ng mga pahayag ng mga kalahok na ang kanilang mga paniniwala ay nagsisilbing panloob na alituntunin sa maingat na pangangasiwa ng mga puno ng pili. Ang mga natuklasang ito ay nakaayon sa pag-aaral ni Narvaez (2020) hinggil sa Indigenous Knowledge System (IKS) sa agrikultura sa Bicol, na nagpapatunay na ang mga katutubong paniniwala ay nagsisilbing gabay sa responsable at sustainable na pakikitungo sa kalikasan. Bukod dito, pinatutunayan din nito ang tadhana ng Republic Act No. 8371 (1997) o Indigenous Peoples' Rights Act of 1997, na kumikilala at nagtatanggol sa karapatan ng mga lokal na pamayanan sa pagpapanatili ng kanilang katutubong sistema ng kaalaman at gawi sa pangangalaga ng lupang sakahan.

**Talahanayan 4**
*Mga Tema ng Kontekstwal na Kahulugan*

| Dimensyon | Natukoy na Tema / Interpretasyon | Batayan sa Datos at Sipi ng Kalahok |
|---|---|---|
| **Nilalaman** | Estrukturado at Pangkatutubong Kaalaman sa Pagsasaka | Tiyak na mga terminolohiya at hakbangin sa pagpili, pagtatanim, at pagproseso ng pili. *"May sarili kaming mga salita at paraan sa pagpili ng binhi na itinuro pa ng aming mga magulang..."* (Kalahok 2, 65 taong gulang) |
| **Simbolismo** | Utang na Loob at Paggalang sa Kalikasan at Espiritu | Ang alay sa Pag-atang bilang simbolo ng pagpapakumbaba ng tao sa kapangyarihan ng kalikasan. *"Ang pag-atang ay simbolo ng ating utang na loob sa Panginoon at sa kalikasan. Ipinapakita nito na hindi tayo ang may-ari ng lupa kundi tagapangalaga lamang."* (Kalahok 10, 60 taong gulang) |
| **Kapakinabangan** | Preserbasyon ng Komunidad at Pagpapatuloy ng Kabuhayan | Pagpapatibay ng damayan sa pamamagitan ng Buwelto at pagtiyak ng tuloy-tuloy na ani para sa pamilya. *"Kapag nagtutulungan at nagbibigayan sa ani, mas pinagpapala ang bukid at mas maayos ang samahan ng magkakapitbahay."* (Kalahok 8, 54 taong gulang) |

***Tala.*** Ang pagsusuri sa dimensyon ng nilalaman, simbolismo, at kapakinabangan ay ibinatay sa kwalitatibong Content Analysis (Krippendorff, 2004) mula sa salaysay ng 12 kalahok.

Ang mga natukoy na tema sa Talahanayan 4 ay nagpapakita na ang mga termino at gawi sa pagsasaka ng pili sa Bicol-Pili ay nagtataglay ng sariling sistema ng kahulugan at pilosopiya para sa mga kalahok. Sa dimensyon ng nilalaman, ipinakikita ng datos na ang pamanang agrikultural ay naglalaman ng mga tiyak na pamantayan sa pagpili at pag-aalaga ng pananim. Sa dimensyon ng simbolismo, ang Pag-atang ay nagsisilbing pagpapahayag ng pagpapakumbaba at pagkilala sa ugnayan ng tao at kalikasan. Sa dimensyon ng kapakinabangan, ang Buwelto ay nagsisilbing mekanismo ng pakikipagkapwa at pagtutulungan sa komunidad. Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa advocacy framework ng UNESCO (2024) ukol sa Living Heritage and Sustainable Development, na nagpapaliwanag na ang buhay na pamana ng komunidad ay pundasyon sa napapanatiling pag-unlad at kabuhayan. Bukod dito, ang pag-uugnay ng mga tradisyong ito sa kagamitang pampagtuturo ay direktang tumutugon sa panuntunan ng Department of Education (2024) sa ilalim ng MATATAG Curriculum Framework, na nagsusulong ng lokalisasyon, kontekstwalisasyon, at pagpapahalaga sa lokal na kultura sa pormal na edukasyon.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Pagbuo at Ebalwasyon ng mga Lokalisadong Kagamitang Pampagtuturo Batay sa Modelong ADDIE**

Upang mailipat ang mga nakalap na pangkulturang datos tungo sa pormal na pagkatuto, ginamit ang ADDIE Model (*Analysis, Design, Development, Implementation, Evaluation*) sa sistematikong pagbuo at pagtataya ng limang (5) lokalisadong kagamitang pampagtuturo: ang brochure, kulturang komiks, video-dokumentaryo, modyul sa pagkatuto, at komprehensibong glosaryo.

1. **Analysis (Pagsusuri):** Sa yugtong ito, pinatunayan ng datos mula sa panayam sa mga magsasaka at konsultasyon sa mga guro ang kakulangan sa mga kontekstwalisadong kagamitan na nagtatampok sa etnolingguwistikong kaalaman ng Bicol-Pili. Lumabas na malaki ang pangangailangan sa mga biswal, digital, at babasahing materyal na mag-uugnay sa lokal na kultura ng pagsasaka at asignatura sa Filipino.
2. **Design (Disenyo):** Isinagawa ang pagbalangkas sa estruktura at nilalaman ng limang kagamitan. Dito itinakda ang paglalapat ng mga nakalap na terminong gaya ng *Pangadorog/Pag-anok*, *Buwelto*, at *Pag-atang* sa mga angkop na anyo ng media (hal. ang *Pag-atang* sa video-dokumentaryo at komiks, habang ang mga teknikal na termino sa pagsasaka ay sa glosaryo at modyul).
3. **Development (Pagbuo):** Sa yugtong ito, aktuwal na binuo ang limang kagamitan gamit ang mga beripikadong sipi at pangkulturang konteksto. Tiniyak na ang wikang ginamit ay nakaayon sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral habang pinapanatili ang kaangkupang etnolingguwistiko ng mga orihinal na salita.
4. **Implementation at Evaluation (Pagpapatupad at Ebalwasyon):** Isinailalim ang mga binuong kagamitan sa *Expert Validation* sa tulong ng tatlong (3) dalubhasa sa Wika, Kultura, at Kurikulum. Kasabay nito, isinagawa ang paunang pagsusubok (*pre-testing*) upang mataya ang pagtanggap ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng ebalwasyon, nakakuha ang limang kagamitan ng napakataas na antas ng pagpapatibay (*validity*) at pagtanggap kaugnay ng kaangkupan ng nilalaman, kalidad ng wika, at pangkulturang katumpakan.

Ipinakikita ng prosesong ito na ang ADDIE Model ay nagbigay ng isang mahigpit at siyentipikong balangkas upang ang mga katutubong kaalaman mula sa sakahan ay matagumpay na maitawid bilang mabisang kagamitang pampagtuturo sa loob ng silid-aralan.

**Implikasyon sa Pag-aaral at Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino**

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito kasama ang mga lokalisadong kagamitang pampagtuturo na binuo mula rito ay nagpakita ng mahalagang implikasyon sa patuloy na intelektwalisasyon ng Wikang Filipino sa tatlong pangunahing punto. Una, sa pagpapayaman sa korpus ng wika, ang pagtatala at pagsasalin ng mga etnolingguwistikong terminong Bicol-Pili tungo sa Filipino gaya ng *Pangadorog*, *Pag-anok*, at *Buwelto* ay direktang nag-aambag sa pagpapalawak ng leksikon at terminolohiyang agrikultural sa wikang pambansa. Pangalawa, sa etnolingguwistikong kahalagahan, ipinakita ng pag-aaral na ang wika ng pagsasaka ay nagsisilbing pangunahing imbakan ng pangkulturang memorya, pinagdaanang kasaysayan, at katutubong pilosopiya ng mga magsasaka sa Bicol. Pangatlo, sa pedagohikal na lokalisasyon, ang pagtataguyod ng mga lokalisadong kagamitang pampagtuturo ay nagbigay ng mga kongkretong halimbawa kung paano maiuugnay ang pormal na pagtuturo ng Filipino sa aktuwal na kultura, konteksto, at kabuhayan ng mga lokal na pamayanan.

**Kongklusyon**

Sa pangkalahatan, napatunayan ng pag-aaral na ito na ang mga tradisyon, ritwal, at paniniwala sa pagsasaka sa Barangay San Jose, Pili, Camarines Sur gaya ng Pangadorog/Pag-anok, Pag-atang, at Buwelto ay hindi lamang mga lumang gawi sa bukid kundi isang buhay at kritikal na repositoryo ng Katutubong Karunungan at Kasanayan *Indigenous Knowledge Systems and Practices* (IKSP). Ang maayos at sistematikong pagdodokumento sa mga kasanayang ito ay nagbibigay ng matibay na mekanismo para sa preserbasyon ng pamanang agrikultural ng Bicol laban sa matinding banta ng modernisasyon at globalisasyon.

Kasabay nito, ang pagtatala at pagdalumat sa mga etnolingguwistikong terminong Bicol-Pili na nakapaloob sa sistema ng pagsasaka ay nagsisilbing isang konkretong hakbang tungo sa pambansang adhikain ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Naipakita ng pananaliksik na ang wikang pambansa ay may angking kakayahan at lalim upang magsilbing opisyal na daluyan ng siyentipiko, kultural, at agrikultural na talakayan, partikular sa pamamagitan ng pagpapayaman ng korpus ng wika mula sa lokal na bokabularyo ng mga magsasaka.

Sa huli, ang pagtatawid ng mga kultural na datos na ito tungo sa pagbuo ng mga lokalisado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo tulad ng mga modyul, glosaryo, at komiks ay nagpapatunay na ang katutubong kaalaman ay isang epektibo at makabuluhang lunsaran ng pedagohiya. Ang ganitong ugnayan ng kultura, wika, at edukasyon ay direktang tumugon sa mga simulain ng *Culturally Responsive Pedagogy* at sa


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

mga probisyon ng Republic Act No. 10533, na naglalayong ilapit ang pormal na pagkatuto sa tunay na buhay at karanasan ng mga mag-aaral at komunidad.

**Rekomendasyon**

Kaugnay ng mga natuklasan at binuong konklusyon, maaaring isaalang-alang ang mga sumusunod:

1. Para sa mga Guro at Tagadesenyo ng Kurikulum: Maaaring gamitin ang mga nadokumentong etnolingguwistikong termino at pamanang agrikultural bilang bahagi ng pagtuturo sa Filipino, Araling Panlipunan, at Agham sa pamamagitan ng mga binuong lokalisado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo. Sa ganitong paraan, maaaring higit pang mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral habang napahahalagahan ang lokal na kultura at katutubong kaalaman.
2. Para sa mga Institusyong Akademiko (gaya ng CBSUA): Maaaring isaalang-alang ang patuloy na pagsuporta sa mga pananaliksik na nakatuon sa pagbuo ng mga glosaryong disiplinal at pangkultura upang higit pang mapayaman ang korpus ng wikang Filipino, partikular sa larangan ng agrikultura at iba pang kaugnay na disiplina.
3. Para sa Lokal na Pamahalaan (LGU) at Sektor ng Agrikultura: Maaaring ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng mga programang pangkultura at pang-edukasyon na naglalayong mapangalagaan ang pamanang agrikultural ng pamayanan. Gayundin, maaaring isaalang-alang ang pagbibigay ng pagkilala sa mga nakatatandang magsasaka bilang mahahalagang tagapag-ingat ng katutubong kaalaman sa bayan ng Pili.
4. Para sa mga Susunod na Pananaliksik: Maaaring magsagawa ng pormal na *pilot testing* at ebalwasyon sa aktuwal na silid-aralan upang higit na masuri ang pagiging angkop at bisa ng mga binuong kagamitang pampagtuturo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, maaaring palawakin ang katulad na pag-aaral sa iba pang mga bayan sa Rehiyon ng Bicol upang makabuo ng mas malawak na dokumentasyon ng pamanang agrikultural at etnolingguwistikong datos na maaaring magsilbing batayan ng mga susunod na pananaliksik at programang pang-edukasyon.

## MGA SANGGUNIAN

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, *3*(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Department of Education. (2024). *Policy guidelines on the implementation of the MATATAG curriculum* (DepEd Order No. 012, s. 2024). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DO_s2024_012.pdf

Fernández-Llamazares, Á., Lepofsky, D., Lertzman, K., Armstrong, C. G., Brondizio, E. S., Gavin, M. C., Lyver, P. O. B., Nicholas, G. P., Pascua, P., Reo, N. J., Reyes-García, V., Turner, N. J., Yletyinen, J., Anderson, E. N., Balée, W., Cariño, J., David-Chavez, D. M., Dunn, C. P., Garnett, S. C., … Retter, G.-B. (2021). Scientists' warning to humanity on threats to Indigenous and local knowledge systems. *Journal of Ethnobiology*, *41*(2), 144–169. https://journals.sagepub.com/doi/10.2993/0278-0771-41.2.144

Food and Agriculture Organization of the United Nations. (2021). *Globally Important Agricultural Heritage Systems (GIAHS)*. https://www.fao.org/giahs/en/

Guiriba, G. O. (2019). Documentation of indigenous knowledge on production and post-harvest management of sweet potato in the Bicol Region, Philippines. *Journal of Asian Rural Studies*, *3*(1), 93–108. https://doi.org/10.20956/jars.v3i1.1719

Krippendorff, K. (2004). *Content analysis: An introduction to its methodology* (2nd ed.). SAGE Publications.

Narvaez, L. M. (2020). *Indigenous knowledge system (IKS) in crop farming in Albay Province, Philippines: An analysis for validation studies. Bicol University R&D Journal, 23*(2), 78–86. https://journal.bicol-u.edu.ph/assets/journal_pdf/Narvaez_78-86.pdf

Official Gazette of the Republic of the Philippines. (1997, October 29). *Republic Act No. 8371: An Act to recognize, protect and promote the rights of Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples, creating a National Commission on Indigenous Peoples, establishing implementing mechanisms, appropriating funds therefor, and for other purposes (Indigenous Peoples' Rights Act of 1997)*. https://www.officialgazette.gov.ph/1997/10/29/republic-act-no-8371/



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Patton, M. Q. (1999). Enhancing the quality and credibility of qualitative analysis. *Health Services Research*, *34*(5 Pt. 2), 1189–1208.

Republic of the Philippines. (2013, May 15). *Republic Act No. 10533: An Act enhancing the Philippine basic education system by strengthening its curriculum and increasing the number of years for basic education, appropriating funds therefor and for other purposes*. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Sibayan, B. P. (1999). *The intellectualization of Filipino and other essays on language and journal writing in the Philippines*. Linguistic Society of the Philippines.

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2023). *Convention for the Safeguarding of the Intangible Cultural Heritage*. https://ich.unesco.org/en/convention

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2024). *Living heritage and sustainable development*. https://ich.unesco.org/en/sustainable-development-and-living-heritage-00968



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*